


Ginawa noong Oktubre 2023
In-edit at inilathala ng Hiroshima Prefecture –
Ministry of Agriculture, Forestry and Fisheries - Livestock Division

Sa pakikipagtulungan ng: National Federation of Agricultural Cooperatives
Video/Larawan mula sa: JA Zennoh JACC Net (https://jaccnet.zennoh.or.jp/action/index1.html)

# Upang maprotektahan ang mga livestock mula sa mga nakakahawang sakit

~Alamin at gawin ang "Mga Pamantayan sa Pamamahala ng Kalinisan sa Pagpapalahi"~



Oktubre 2023

Hiroshima

## Sa paglikha

Noong Disyembre 2020, lumaganap ang "highly pathogenic Avian Influenza" sa Hiroshima Prefecture sa ikatlong magkakasunod na taon, at humigit-kumulang 1.68 milyong ibon ang ibinawas sa populasyon sa anim na sakahan sa loob ng halos isang buwan.

Dahil sa dating hindi pa nararanasang magkakasunod na outbreak, aming sinuri muli ang mga hakbang na ginawa ng mga sakahan na aktwal na nakaranas ng paglaganap, at ibinuod ang mga ito upang gamiting pangunahing aksyon laban sa muling paglaganap.


Ang video na ito (booklet) ay naglalayon na tulungan hindi lang ang mga namamahala o tagapamahala ng bukid, kundi pati na rin ang bawat empleyado, at bawat isang kaugnay na operator ng negosyo na papasok sa sakahan upang gumawa ng "mga hakbang upang mabawasan ang panganib ng paglaganap ng pathogen". Umaasa kami na ang dokumentong ito ay malawakang gagamitin upang palagi itong isaisip.

Oktubre 2023
Hiroshima Prefecture – Ministry of Agriculture, Forestry and Fisheries - Livestock Division



## I Introduksyon

Estado ng paglaganap ng Avian Influenza noong 2022




Mula sa: Ministry of Agriculture, Forestry and Fisheries website


Sa nakalipas na mga taon, ang highly pathogenic Avian Influenza at Swine Fever ay lumaganap sa Japan, at maraming mga livestock ang kinailangang bawasan ang populasyon. Kapag nangyari ang isang epidemya ng mga hayop sa isang sakahan, lahat ng ito ay kinakatay, at kailangan ng maraming pera at oras upang manumbalik ang operasyon.

Kaya naman ating alamin kung ano ang maaaring gawin upang maiwasan ang mga nakakahawang sakit ng hayop at maiwasan ang paglaganap ng mga ito.

Ang **tatlong** prinsipyo sa pagiwas sa paglaganap ng mga nakakahawang sakit sa livestock




Ang mga “Hygienic Control Area” ay itinatag sa mga sakahan upang maiwasan ang paglaganap ng mga nakakahawang sakit sa mga livestock. Ang “Hygienic Control Area” ay malinaw na nakahiwalay gamit ang mga bakod, atbp.

### Tungkol sa pamantayan ng hygiene control sa pagpapalahi ng mga hayop







Ang mga awtorisado lamang ang maaaring pumasok sa Hygienic Control Area.



Ang masusing pagdidisimpekta ay isasagawa sa loob ng mga Hygienic Control Area.

**Huwag magpapasok ng mga pathogen sa sakahan**

**1 Oras ng trabaho (Pagdating sa sakahan)**



①I-disinfect ang sapatos sa pasukan ng sakahan.



②Maghugas ng kamay at mga daliri. Tingnan ang wastong paraan sa paghuhugas ng kamay.



③Punasan ang iyong mga daliri gamit ang paper towels.



④Gumamit ng rubbing alcohol para para sa pagdi-disinfect ng mga daliri.

## Wastong paraan sa paghuhugas ng kamay

**Bago maghugas ng kamay…**


- Panatilihing maiksi ang mga kuko
- Hubarin ang mga relo at singsing



1 Basain ng mabuti ang iyong mga kamay sa running water, saka sabunin at kuskusin nang mabuti ang iyong mga palad.




2 Kuskusin ang likod ng iyong mga kamay.



3 Kuskusin nang mabuti ang pagitan ng iyong mga daliri at mga kuko.



4 Hugasan ang pagitan ng iyong mga daliri.



5 Paikot na hugasan ang iyong mga hinlalaki at palad.



6 Huwag kalimutang hugasan din ang iyong mga pulso.

Pagkatapos maghugas gamit ang sabon, banlawan ng husto gamit ang running water, at patuyuin gamit ang malinis na tuwalya o paper towels.

Mula sa: Ministry of Health, Labour and Welfare website

⑤Magsagawa ng self-check sa opisina.

Self-check Chart (halimbawa)

(Buwan/Araw/Taon): ___/___/2023_

| Item | Mr. A | Mr. B | Mr. C |
|---|---|---|---|
| Hindi nagbiyahe palabas ng bansa sa nakaraang isang linggo. | ✓ | ✓ | ✓ |
| Hindi pumunta sa ibang mga pasilidad na may hayop. | ✓ | ✓ | ✓ |
| Hindi humawak sa mga ligaw na ibon o ligaw na hayop. | ✓ | ✓ | ✓ |

# Ⅱ Hygienic Control Area

## ② Tuwing papasok sa Hygienic Control Area

**Huwag magpapasok** ng mga pathogen sa Hygienic Control Area



①Hubarin ang iyong mga damit na ginamit sa pagko-commute.



②Hugasan at i-disinfect ang mga daliri.



③Magpalit ng damit na sadyang idinisenyo para sa Hygienic Control Area.



④I-disinfect ang iyong mga daliri at mga dalang gamit.



⑤Isuot ang bota para sa Hygienic Control Area.



⑥ I-disinfect ang mga bota gamit ang disinfectant bath.



## ③ Tuwing papasok sa kamalig

**Huwag magpapasok** ng mga pathogen sa loob ng kamalig

Kinakailangan din mag-ingat kapag pumapasok sa mga kamalig, dahil ang mga pathogen ay maaaring naroroon sa mga Hygienic Control Area.



① I-disinfect ang mga bota gamit ang disinfectant bath.



②Hugasan at i-disinfect ang mga daliri.
Maaari ding gumamit ng special gloves.



③Isuot ang bota para sa kamalig.



④ I-disinfect ang mga bota na pinalitan gamit ang disinfectant bath.

## 4 Paglabas mula sa kamalig

**Huwag magdadala** ng mga pathogen sa labas ng kamalig



①Hugasan ang mga special boots para sa kamalig.



②Isuot ang bota para sa Hygienic Control Area.



③I-disinfect ang special boots para sa kamalig gamit ang disinfectant bath.



④Hugasan at disimpektahin ang iyong mga daliri. Kung may suot na special gloves, tanggalin ito nang hindi pinapalapat ang labas ng gloves sa iyong mga daliri.



⑤I-disinfect ang mga bota para sa Hygienic Control Area gamit ang disinfectant bath, at saka umalis sa kamalig.

## 5 Paglabas ng Hygienic Control Area

**Huwag magdadala** ng mga pathogen a labas ng Hygienic Control Area



①Hugasan at i-disinfect ang mga bota. Tanggalin ang iyong mga bota.



②Hugasan at i-disinfect ang mga daliri.



③Hubarin ang mga damit para sa Hygienic Control Area. Hugasan at i-disinfect ang mga daliri.



④Isuot ang damit na pang-commute. Kapag nagpapalit ng damit, siguraduhin na ang mga damit para sa Hygienic Control Zone ay hindi didikit sa mga damit na ginamit sa pagko-commute.

## 6 Tuwing aalis sa trabaho

**Huwag maglalabas** ng mga pathogen sa labas ng sakahan



①Hugasan at i-disinfect ang mga daliri.



②I-disinfect ang sapatos sa pasukan ng sakahan.

## 7 1 beses sa 1 araw



Palitan ang Disinfectant sa Disinfectant Bath.



Matapos hugasan at disimpektahin ang bota, ibilad ito at itago nang malinis.

# III Pagsasaayos, pagkukumpuni at pagdi-disinfect sa loob ng sakahan

Huwag magpapasok at huwag magpapalaganap ng mga pathogen

## 1 Maglagay ng bakod



upang hindi makapasok ang mga ligaw na hayop sa sakahan.

## 2 Panatilihing malinis



at maayos ang mga kapaligiran



Maggapas sa paligid ng sakahan.

## 3 Mag-spray ng calcium hydroxide



para mapanatili ang kalinisan sa iyong sakahan.




# IV Araw-araw na pagmamasid sa kalusugan

Huwag palaganapin ang mga pathogen

Suriin upang malaman kung may pagbabago sa kalusugan ng iyong livestock.
Kung may napansin na anumang hindi karaniwang kilos o sintomas, makipag-ugnayan sa tagapamahala ng kalinisan sa pagpapalahi ng hayop.
Ang mga tagapamahala ng kalinisan sa pagpapalahi ng hayop ay dapat makipag-ugnayan sa Prefectural Livestock Hygiene Center at sa tagapamahala ng sakahan.





## V Mga bagay na dapat pag-ingatan sa araw-araw na pamumuhay


**Huwag magpapasok o maglalabas ng mga pathogen**




①Huwag papasok sa Hygienic Control Area ng isang linggo pagkatapos bumalik mula sa ibang bansa.




②Huwag magdala ng mga damit at sapatos na ginamit sa ibang bansa sa Hygienic Control Area



③Huwag magdala ng mga produktong karne mula sa ibang bansa.



④Huwag mag-alaga ng mga pet sa loob ng Hygienic Control Area.




⑤Huwag magdala ng mga bagay na hindi kinakailangan sa Hygienic Control Area.

**Sundin ang mga patakaran sa sakahan.**



## VI Buod

**Ang tatlong prinsipyo sa pagiwas sa paglaganap ng mga nakakahawang sakit sa livestock**




Huwag magpapasok ng mga pathogen:

- Linisin at i-disinfect ang kamay at mga daliri at sapatos.
- Magsuot ng damit at bota na para sa sakahan/Hygienic Control Area.
- Huwag hayaan na makapasok ang mga ligaw na ibon o ligaw na hayop sa sakahan o kamalig.
- Huwag basta-basta hahawak sa mga ligaw na ibon o ligaw na hayop.

Huwag palaganapin ang mga pathogen:

- Linisin at i-disinfect ang kamay at mga daliri at sapatos.
- Magsuot ng damit at bota na para sa Hygienic Control Area.

Huwag maglalabas ng mga pathogen:

- Linisin at i-disinfect ang kamay at mga daliri at sapatos.
- Magsuot ng damit at bota na para sa sakahan.

**Pinakaimportante sa lahat ang Back-to-Basics!!**

# Paraan sa pagdidisimpekta ng sasakyan




Ang mga sasakyan ay dapat na disimpektahin tuwing ang mga ito ay papasok at lalabas kapag ginagamit sa paglipat sa mga sakahan at pasilidad.




Ang mga sasakyan ay maaaring magdala ng mga pathogen.
I-disimpekta mabuti lalo na ang kaha ng mga gulong.



I-disimpekta ang sasakyan sa pamamagitan ng pag-spray ng disinfectant gamit ang high-pressure washer




Ito ay para sa pagdisimpekta ng katawan ng sasakyan lamang at hindi para sa pagdisimpekta ng ilalim nito.






Pagkatapos ma-disinfect ang katawan, maingat na disimpektahin ang kaha ng mga gulong at mga gulong




Siguraduhing walang mga dumi sa mga kanal ng gulong, at kung may naiwang dumi ay i-disinfect ito hanggang matanggal.




Huwag kalimutang i-disinfect ang loob ng sasakyan.




I-disinfect mabuti ang mga floor mat at pedal.

## Paraan sa pagdidisimpekta ng sasakyan




Disimpektahin ang mga ibabaw na bahagi ng katawan, tulad ng manibela, shifter, at switch, gamit ang isang tela na nilagyan ng disinfectant.



Kung may gate na nakahanda para sa pagdidisimpekta, siguraduhing lalabas ang disinfectant sa harap nito.



Siguraduhing nai-spray ang disinfectant sa buong sasakyan.



## Paraan sa pagdidisimpekta gamit ang calcium hydroxide




Kung malawak ang pag-i-isprayan, gumamit ng fertilizer spreader, atbp.




Kapag nag-i-spray ng calcium hydroxide, magsuot ng damit na makakatakip sa inyong balat. Magsuot ng rubber gloves, mask, protective goggles, at bota.




Ang calcium hydroxide ay kumakapit sa balat at mapanganib kung pumasok sa bibig, baga, mata, atbp.

## Paraan sa pagdidisimpekta gamit ang calcium hydroxide




Isaboy ang calcium hydroxide upang takpan ang ibabaw ng lupa




NG ito kapag hindi pantay ang pagsaboy at may nakikita pa na bahagi ng lupa.




Gumamit ng walis upang ayusin ang hindi pagkakapantay-pantay hanggang sa matakpan na ng puti ang lahat ng ibabaw na bahagi ng lupa.



OK ito kapag nawala na ang hindi pagkakapantay-pantay ng puti.



## Kapag gagamit ng mga karaniwang pasilidad

Huwag magpapasok o maglalabas ng mga pathogen



①Magsuot ng damit at bota na para sa mga karaniwang pasilidad



②I-disimpekta ang mga sasakyan tuwing lalabas sa Hygiene Control Area.



③I-disimpekta ang sasakyan kapag papasok sa mga karaniwang pasilidad.



④Maghanda ng mga kagamitan para sa bawat sakahan at disimpektahin ang mga ito pagkatapos gamitin.



⑤I-disimpekta ang sasakyan kapag aalis sa mga karaniwang pasilidad.



⑥I-disimpekta ang sasakyan kapag papasok sa Hygiene Control Area.



⑦I-disimpekta ang mga bota, at palitan ang mga floor mat.



⑧Magsuot ng damit at bota na para sa mga Hygiene Control Area.